DATE: 08 MAY 2009
PUBLICATION: COMMUTER EXPRESS
SECTION/PAGE: p8

Media Monitoring

Rural banking services, mas pinadali

Dahil sa teknolohiya, mas madali ng ang access sa mga serbisyo ng mga rural banks. Kung dati ay kinakailangan pang magpunta sa bangko ng depositor upang mag withdraw o magdeposito, ngayon ay pwede na makipagtran-saksyon kahit sa pamama-gitan lang ng cellphones.

"Sa tulong ng teknolohiya, mas madali na ang access ng aming mga depositors sa aming mga serbisyo - salamat sa mga Automated Teller Machines (ATMs) at cellphones," ayon kay Tomas S. Gómez IV, pangulo ng Rural Bankers Association of the Philippines (RBAP).

"Mas madali na 'yung access sa kapital ng mga Small and Medium Enterprises (SMEs). Kahit nakatira sila sa malayo, maaari silang magpunta sa pinakamalapit na ATM o kaya naman ay sa pamamagitan ng text o SMS makakapagbangko na sila," dagdad pa niya.

Ayon sa datos ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP), patuloy ang paglago ng serbisyong ATM sa mga rural banks. Mula sa limang bangko noong 2005, lumaki na ito sa 83 noong 2008. Dalawang ATM networks, ang Nationlink at Encash, ang naitatag upang maiugnay ang mga rural banks sa mga malalaking interbank networks tulad ng Megalink, Bancnet at ExpressNet. Ang Encash ngayon ay mayroon ng 40 na partner rural banks na may total deployment na 107 ATMs at patuloy na lumalaki kada buwan.

Ang rural banking ATM network ang pinakamabilis na ATM deployer sa buong bansa ngayon, na may 252 ATM na naka-deploy sa mahigit-kumulang na 60 rural banks, doble mula sa 14 sa buwang nakalipas.

Samantala, may ilang bangko na rin ang naglunsad ng electronic banking services tulad ng mobile phone banking. Ang bagong inobasyon na ito ay bahagi ng programa ng RBAP- Microenterprise Access to Banking Services (MABS), na naglalayong pabilisin ang pag-unlad ng kanayunan sa pamamagitan ng pagpapalago ng mga serbisyong microfinance sa mga SMEs. Ang programang ito ay suportado ng USAID, sa pakikipagtulungan ng G-Cash ng Globe Telecoms.

Noong 2007, 46 na mga rural banks na ang may serbisyong e-banking tulad ng cash cards at mobile banking, isang napakahalagang development mula sa wala noong 2005.

Sa ibang bangko naman ay maaari ng makapagdeposito, magwithdraw o kaya'y magbayad ng utang sa pamamagitang ng G-Cash.

Mayroon ng 70,000 na mga kliyente at empleyado ng mga rural banks ang nakarehistro sa serbisyong mobile phone banking, habang ang mga mobile phone transactions noong 2008 ay lumago ng mahigit 250 porsiyento kumpara sa parehas na panahon noong 2007, ayon sa Globe.

Ang RBAP din ay nakipag-ugnayan sa Smart Communications, Inc. upang magamit ang Smart Money nito sa mga transaksyon.

Pinuri naman ng BSP ang mga rural banks sa paggamit nito ng teknolohiya upang maabot ang mga kliyente nito. "Napansin na ng international community ang ating implementasyon ng makabagong teknolohiya upang magkaroon ng mas malaking access sa kapital," ayon sa BSP.

"Ang mobile phone banking ay mayroong kakayahang abutin ang mas malawak na mga kliyente, ang laging marginalized at 'unbanked' – ang masa," dagdag pa ni BSP Governor Amando Tetangco Jr.

Malaki ang naging tulong ng teknolohiya sa mga rural banks, ayon kay Gomez. "Sa tulong ng makabagong teknolohiya, napag-uugnay na namin ang aming mga serbisyo at kliyente," dagdag pa niya.